



Sundin ang Kalooban ng Diyos

(Pambungad na Panalangin)

I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (Gn 3:9-15)

⁹PAGKAKAIN ni Adan ng **bunga** ng puno, tinawag siya ng Panginoon at tinanong, “Saan ka naroon?”

¹⁰“Natakot po ako nang marinig ko kayong nasa hardin; nagtago po ako sapagka’t ako’y hubad,” tugon niya. ¹¹“Sinong may sabi sa iyong hubad ka?” tanong ng Diyos. “Bakit, **kumain** ka ba ng **bungang** ipinagbabawal ko?”¹²“Kasi, **pinakain** po ako ng babaing ibinigay ninyo sa akin,” tugon niya. ¹³“Bakit mo naman ginawa iyon?” tanong ng Diyos sa babae.

“Mangyari po’y nilinlang ako ng ahas, kaya ako’y natuksong **kumain**,” tugon naman niya.¹⁴ At sinabi ng Panginoon sa ahas, “Sa iyong ginawa’y may parusang dapat, na tanging ikaw lang yaong magdaranas; ikaw ay gagapang, ang hatol kong gawad, at alikabok ang pagkaing dapat. ¹⁵Kayo ng babae’y laging mag-aaway, binhi mo’t binhi niya’y laging maglalaban. Ito ang dudurog ng ulo mong iyan, at ang sakong niya’y ikaw ang tutuklaw.”

Tema: **Pagkain sa Ipinagbabawal na Bunga**

PAGPAPALIWANAG

• Ang seksyon: Kahinaan ng Tao o ang Pagpapataboy Mula sa Eden. Kumain ang



lalaki at ang babae sa ipinagbawal na bunga ng kahoy sa gitna ng hardin, ang bunga ng kaalaman ng mabuti at masama. Hindi sila namatay, bagkus ang kanilang mga “mata ay nabuksan at nalaman nilang sila ay mga hubad (b. 7) at sila ay nagtago sa mga kakahuyan ng hardin (b. 8). Kaya tinawag sila ng Diyos.

- Sa b. 9, nakikita na ang Panginoong Diyos ay naghahanap sa mga nawawala o sa mga nagtatago sa kanya.
- Dito sa b. 10, ang salitang Hebreo na nangangahulugang, “hubad,” ay “tuso” din. Ang ahas ang pinakatuso sa mga mabangis na hayop (b. 1). Sa ngayon ay hindi sila naging maalam, nakita nilang sila ay nawalay sa Diyos.
- Nang narinig ito ng Diyos, hindi kaagad siya naghusga; sa halip siya ay nagtatanong. At sumunod ang mga palusot: mula sa lalaki, sa

babae hanggang sa ahas.

- Doble ang epekto ng parusa ng ahas, ng babae at ng lalaki: una sa mismong sarili at pangalawa sa kanilang relasyon sa iba.
- Ang “niya” sa talatang ito ay sa kapwa lalaki at babae sa orihinal na salitang, Hebreo. Nangangahulugang hindi lang sa babae. Halimbawa ang New American Bible Revised Edition (NABRE) ay gumagamit ng “sila.” Ngunit sa mga Kristiyano, ang babae ang ipinahiwatig na siyang dumudurog sa ulo ng ahas, at ang ahas ang tumutuklaw sa kanyang sakong. Si Maria ang nagbigay ng Mesiyas. Sabagay sa mga Hudyo, ang sambayanang Israel, na tinaguriang isang Babae ang siyang magbibigay ng Mesiyas. At sa mga Kristiyano si Maria ang ehemplo, ang tipo ng isang Iglesya na patuloy na ipinapatupad ang paglupig ng kasamaan ayon sa Kaw 2:24; Jn 8:44; Pah 12:9, isang imaheng malapit sa kultura ng mga Hudyo.

PAGNINILAY

Kung papansining maigi, makikita natin na ang mga isinumpa ay ang lupa at ang ahas. Pag nawalay tayo sa Diyos, hindi natin makakamit ang karunungan.

SALMONG TUGUNAN (Slm 130) SA PILING NG POONG DIYOS, MAY PAG-IBIG AT PAGTUBOS.

IKALAWANG PAGBASA (2 Cor 4:13—5:1)

¹³MGA KAPATID, sinasabi sa Kasulatan, “Nagsasalita ako sapagkat ako’y sumasampalataya.” Bunga ng gayung diwa ng pananampalataya, nagsasalita rin ako sapagkat ako ma’y sumasampalataya. ¹⁴Sapagkat nalalaman kong ang Diyos na muling bumuhay sa Panginoong Hesus ay siya ring bubuhay sa akin kasama niya, at magdadala sa inyo at sa akin sa kanyang piling. ¹⁵Ang lahat ng pagtitiis ko ay sa kapakanan ninyo

upang sa pagdami ng mga nakatatanggap ng mga kaloob ng Diyos, lalo namang dumadami ang magpapasalamat at magpupuri sa kanya.

¹⁶Kaya’t hindi ako pinanghihinaan ng loob. Bagamat humihina ang aking katawang-lupa, patuloy namang lumalakas ang aking espiritu. ¹⁷Ang bahagya at panandaliang kapighatiang dinaranas ko ngayon ay magbubunga ng kaligayahang walang hanggan at walang katulad. ¹⁸Kaya’t ang paningin namin ay nakapako sa bagay na di nakikita, hindi sa nakikita. Sapagkat panandalian lamang ang mga bagay na nakikita, ngunit walang-hanggan ang mga bagay na di nakikita.

5 ¹Talos natin na kapag nasira ang toldang tinatahanan natin ngayon, ang ating katawang-lupa, tayo’y may tahanan sa langit, hindi nasisira, isang tahananang ginawa ng Diyos, hindi ng tao.

Tema: **Kasama ang Diyos sa Tahanang walang-Hanggan**

PAGPAPALIWANAG

- Ang konteksto ng Pagbasang ito ay ang paglalarawan ni Pablo sa kabalintunaanang kanya at kahit sa ating gawaing pagpapaliwanag ng Mabuting Balita, kung itinatalaga natin ang buhay sa Diyos—maraming pagsubok at paghihirap ngunit tayo ay muling mabubuhay kasama si Hesus (2 Cor 4:11). Ito ay nakikita sa ating mga katawan na parang mga sisidlang putik, marupok, ngunit may laman na isang sukdulang kayamanan. Kaya sa b.13, tinutukoy ni Pablo ang “mismong ispiritu ng pananampalataya.”
- Pinapatunayan ng bb. 13-15 ang paniniwalang sa isang Diyos na bumuhay kay Hesus sa isang maluwalhating paraan at ito rin ang ating makamit
- Ang b. 16 ay muling nagbabanggit at nagpapatunay sa kabalintunaan ng ministeriyo o pagiging Kristiyano. At hindi pinanghihinaan ng loob si Pablo kahit na ang katawang lupa ay sumusuko na. Ang panlabas

na sarili ay tumutukoy sa bawat sarili na may karaniwang pagtingin at pagsusuri; sa kabilang dako ang panloob na sarili ay ang nakapaloob na sarili na nakatago at dumaranas ng pagbabago. At ito ay natatanto lamang sa mata ng pananampalataya (2 Cor 4:13,18; 2 Cor 5:7).

- Ang 5 b.1 ay ang pagtatapos ng kabalintunaan ng ministeriyo: pagkakaisa sa Diyos. Ito rin ay nagsisilbing panimula sa anumang hinaharap ng isang Kristiyano.

PAGNINILAY

Katulad ng Unang Pagbasa, nakatuon ito sa ating kaugnayan sa ating Panginoon na sa kalaunan ay nagwakas din sa walang hanggang pagkakaisa natin sa Diyos— isang maluwalhating pangyayari. Kahit na parang namatay na tayo sa ating sarili habang nagbabahagi tayo, nagkakaroon tayong buhay kay Kristo. Binabago tayo palagi ni Kristo.

MABUTING BALITA (Mc 3:20-35)

²⁰NOONG PANAHOON IYON, pag-uwi ni Hesus, kasama ng kanyang mga alagad, muling nagkatipon ang napakaraming tao, anupat hindi man lamang makuhang kumain ni Hesus at ng kanyang mga alagad. ²¹Nang mabalitaan ito ng kanyang mga kasambahay, sila’y pumaroon upang kaunin siya, sapagkat ang sabi ng mga tao, “Nasisiraan siya ng bait!”

²²Sinabi naman ng mga eskribang dumating mula sa Jerusalem, “Inaalihan siya ni Beelzebul, ang prinsipe ng mga demonyo. Ito ang nagbigay sa kanya ng kapangyarihang magpalayas ng demonyo!” ²³Kaya’t pinalapit ni Hesus ang mga tao at sinabi sa kanila ang ilang talinghaga: “Paano mangyayaring palayasin ni Satanas si Satanas? ²⁴Kapag maglaban-laban ang nasasakupan ng isang kaharian, hindi mananatili ang kahariang iyon. ²⁵At kapag naglaban-laban ang magkakasambahay, hindi mananatili ang sambahayang iyon. ²⁶Gayun din naman, kapag maghimagsik si Satanas laban sa kanyang sarili at naglaban-laban ang kanyang nasasakupan, hindi magtatagal at darating ang

kanyang wakas.

²⁷“Walang makapapasok sa bahay ng isang taong malakas at makaagaw ng kanyang ari-arian, malibang gapusin muna niya ang taong iyon. Saka pa lamang niya malolooban ang bahay na iyon.

²⁸“Tanda ninyo ito: maaaring ipatawad sa mga tao ang lahat ng kasalanan at panlalait nila sa Diyos, ²⁹ngunit ang sinumang lumait sa Espiritu Santo ay hindi mapapatawad. Ang kanyang kasalanan ay hindi mapapawi kailanman.” ³⁰Sinabi ito ni Hesus sapagkat sinabi ng ilan, “Inaalihan siya ng masamang espiritu.”

³¹Dumating ang ina at mga kapatid ni Hesus. Sila’y nasa labas ng bahay at ipinatawad siya. ³²Noon nama’y maraming taong nakaupo sa palibot ni Hesus, at may nagsabi sa kanya, “Nariyan po sa labas ang inyong ina at mga kapatid; ipinatatawad kayo.” ³³“Sino ang aking ina at mga kapatid?” ani Hesus. ³⁴Tumingin siya sa mga nakaupo sa palibot niya at nagwika: “Ito ang aking ina at mga kapatid! ³⁵Sapagkat ang sinumang tumatalima sa kalooban ng Diyos ay siya kong ina at mga kapatid.”

Tema: **Ang Tumatatagapang Kanya ay Nasa Tahanan ng Diyos**

PAGPAPALIWANAG

- Sa Mk 3:13-14, makikita natin na si Hesus ay umakyat sa bundok at isinugo niya ang Labingdalawa na kanyang hinirang (at tinawag na Apostoles). Ang kuwento ng pagkalaban ng kanyang misyon ay ipinasok dito upang maipakita ang malaking kaibahan.
- Sa b. 20, ipinapakita na siya ay umuwi at kumain kasama ang madla, at dahil dito nasabi ng kanyang mga kamag-anak, “Nasisiraan siya ng bait.” Kung ang dahilan nitong impresyon, baka dahil sa kanyang ginawa na ipalaganap ang kaharian ng Diyos. Ang susunod na talata ay b. 22 na nagsasabing si Hesus ay inaalihan ng Beelzebul. Kung tingnan natin ng maiigi, hindi ang mga kamag-anak ang nagsabi nito kundi ang mga scribe mula sa Jerusalem.

- Dalawang punto ang mga puna kay Hesus: 1) na siya ay inaalihan ng masamang Spiritu at 2) sa pamamagitan ng prinsipeng mga demonyo, nagpapalayas si Hesus ng mga Demonyo, at ito ito ay pinaliwanag niya sa pamamagitan ng talinghaga: Hindi magawa ni satanas na hatiin ang kanyang sarili!
- Ang unang puna ay nagbigay kay Hesus ng pagkakataong ipaliwanag ang kasalanan laban sa banal na Spiritu (walang hanggan kasalanan e.i. bb. 28-30). Kung itinuturing nila na ang Spiritu na nagbibigay kapangyarihan kay Hesus ay si Beelzebul sa halip ng Banal na Spiritu, sila ay napabitag sa isang hindi mapapatawad na kasalanan, ani Hesus. Ang ibang mga lait ay maaring mapatawad, katulad ng pagsasabing walang Diyos, ang paglalait na ito na may kasama pang malisya at pagsasabing ang banal na Spiritu ay ang simula ng kasamaan ay hindi mapapawi kailan man. Mantindi ang pagkakasala na ito, ani Hesus.
- Ang sumunod na eksena ay pagdating ng kanyang ina at mga kapatid (bb. 31-35) Ang “kapatid” sa pag-iintindi ayon sa kultura ng mga Hudiyos, ay nangangahulugang mula sa mismong mga kapatid hanggang sa mga kamag-anak na mga pinsan at malapit na kamag-anak (cf. Mk 6:3). Ngunit kahit naman kung ipalagay lang natin na ang tinutukoy dito ay kapatid, binibigyan pa rin ni Hesus ng diin na meron nga siyang karapatang tawagin na mga kapatid ang sinumang sumusunod ng kagustuhan ng Ama. Meron tayong iisang Ama, at tayo ay magkakapatid.

PAGNINILAY

Ang pagtalima sa Ama, ay hindi lamang ang pagtuturing sa Diyos bilang Ama at tagapaglikha ng lahat, na tayong lahat ay mula

sa kanya, ngunit pinanghahawakan din natin na tayo ay mga magkakapatid sa isang Ama at kailangan nating papahalagahan ang anumang kaugnayan natin: makatao o makadiyos.

II. PAG-UUGNAY

Ang Unang Pagbasa ay tungkol sa mga sinaunang magulang na nahiwalay sa Diyos dahil sumuway sila sa utos. Ngunit hinanap pa rin sila ng Diyos.

Pinapaalalahan tayo ng Ikalawang Pagbasa na ang kamatayan at Muling pagkabuhay ni Hesus ay nag-uugnay sa atin sa Diyos. Kaya sa mata ng pananampalataya, ang ating araw-araw na gawain ay naging makabuluhan sa isang kabalintunaanang realidad: pagkaroon ng buhay tuwing tayo ay mamatay sa ating mga makasariling buhay (sa pagbabahaginan); kamatayang naghahatid sa pagkabuhay ng Muli ni Hesus habang binabahagi natin ang ating mga sakripisyo.

Ang Mabuting Balita ay naglalarawan ng papel ng Espiritu Santo sa ating pangkaraniwang buhay. Tuwing sumusunod tayo sa kalooban ng Diyos, naiuugnay natin ang ating kalooban sa Ama, Anak at Espiritu Santo, at tinuturing natin ang kahalagahan ng ating pagkakapatid tuwing tayo ay nakikipagsalamuha sa kanila.

III. SALAMIN NG BUHAY

Si Hesus ay hindi nanghihinaan ng loob sa mga tsismis, balakid at pagkakalaban sa kanyang mga gawain para sa bayan. May naranasan ka rin bang ganitong sitwasyon na pakiwari mo’y ikaw ay sinusubukan? Paano mo nalampasan ito?

- Pagpapaliwanag: Br. Hansel B. Mapayo, SSP

(Pangwakas na Panalangin)